



Ano ang Hate Crime o Bias Incident?

Hate Crime = Krimen ng poot (halimbawa: pag-atake, pagpatay, paninira) + Pagkiling (halimbawa: lahi o etnisidad, relihiyon, atbp.)

Ang mga krimen ng poot ay maaaring pasalita, pangkatawan o pangmata. Mga halimbawa: pananakit ng tao, pagbabanta na sasaktan sila, ang kanilang pamilya o pag-aari, batay sa kanilang lahi o etnisidad, relihiyon, o seksuwal na oryentasyon; paglalagay ng rasistang graffiti sa ari-arian ng ibang tao.

Bias Incident = Anumang pagalit na pagpapahayag (pasalita, pangkatawan o pangmata) + Naudyok ng pagkiling laban sa lahi o etnisidad, relihiyon, o seksuwal na oryentasyon.

Mga halimbawa: pagtawag ng pangalang masama, paglikha ng mga imaheng rasista o mapanlait, panggaya o panunuya sa lahi, relihiyon, atbp. ng ibang tao.

Ano ang Gagawin kung Maging Biktima Ka ng Krimen ng Poot

- Kung nasa panganib ka kaagad, tumawag sa 911.

Maaari mong hilingin sa tumutugon na opisyal ang isang kautusang pang-emerhensya na proteksyon laban sa may kasalanan kung kinakailangan.

- Itala ang nangyari - Isulat ang mga detalye tungkol sa krimen hangga't maaari pagkatapos ng krimen. Ang mapoot na wika ay ang pinakakaraniwang paraan upang matukoy kung ang insidente ay udyok ng pagkiling, at ang tamang-tamang pagtatala sa sinabi ay makakatulong sa iyong kaso.

Hakbang 1: Maghain ng ulat sa pulisya - Kung sa tingin mo ito ay isang insidente na udyok ng poot at iniulat mo ang krimen:

- Lagyan ng tsek ang kahon - Hilingin sa tumutugon na opisyal na lagyan ng tsek ang kahon sa ulat ng pulisya para sa isang krimen ng poot.
- Kumuha ng impormasyon sa pulisya - Tiyaking tandaan ang pangalan at numero ng tsapa ng tumutugon na opisyal.
- Kumuha ng kopya ng ulat - Humingi ng kopya ng ulat para sa iyong mga personal na tala.

Hakbang 2: Iulat ang krimen ng poot sa mga pederal na awtoridad:

Attorney General ng Michigan
<https://HateCrimes@michigan.gov>
(313) 456-0180

Federal Bureau of Investigation (FBI)
<https://tips.fbi.gov/>
(313) 965-2323

Makipag-ugnayan kay ACJ sa acjdet@gmail.com kung kailangan mo ng tulong sa alinmang mga hakbang na ito.

Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang

- Maghanap ng abogado - Makakatulong ang isang abogado na matiyak na iginagalang ang iyong mga legal na karapatan sa isang kasong kriminal, o makakatulong na tuklasin ang opsyon na magsampa ng kasong sibil.
- Manalig sa mga pinagkakatiwalaang kaibigan at pamilya – Nakaka-trauma ang makaranas ng krimen ng poot. Kung ang nangyari sa iyo ay umaakit ng atensyon ng media, hilingin sa ACJ o sa ibang taong pinagkakatiwalaan mo na magsalita para sa iyo kung hindi ka komportable o hindi mo magawa ito.
- Humingi ng tulong propesyonal para sa mga alalahanin ng kalusugang pangkaisipan - Kung naging biktima ka ng isang krimen ng poot, maaari kang makaramdam ng maaaring masaktan at hindi ligtas, kasama ng makakaranas ng kalungkutan at pagkabalisa. Hinihikayat ka naming humingi ng suporta para sa iyong kalusugang pangkaisipan. Kung mas komportable kang ibahagi ang iyong mga alalahanin sa isang therapist na Pilipino o Asyano, pumunta sa asianmhc.org para mapagkunan ng tulong.